# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 39*
# *Mula sa Buhay Ni Haring Asa*
# *Paano Panatilihin ang Iyong Mga Nagawa*

***“1 Nang ikatatlong pu't anim na taon ng paghahari ni Asa, si Baasa na hari sa Israel ay umahon laban sa Juda, at itinayo ang Rama, upang huwag niyang matiis na sinoma'y lumabas o pumaroon kay Asa na hari sa Juda. 2 Nang magkagayo'y kumuha si Asa ng pilak, at ginto sa mga kayamanan ng bahay ng Panginoon, at sa bahay ng hari, at nagsugo kay Ben-adad, na hari sa Siria, na tumatahan sa Damasco, na ipinasasabi, 3 May pagkakasundo ako at ikaw, na gaya ng aking ama at ng iyong ama: narito, ako'y nagpapadala sa iyo ng pilak at ginto; yumaon ka, sirain mo ang iyong pakikipagkasundo kay Baasa na hari sa Israel, upang siya'y lumayas sa akin. 4 At dininig ni Ben-adad ang haring Asa, at sinugo niya ang mga pinunong kawal ng kaniyang mga hukbo laban sa mga bayan ng Israel, at kanilang sinaktan ang Ion, at ang Dan, at ang Abel-maim, at ang lahat na bayang kamaligan ng Nephtali. 5 At nangyari, nang mabalitaan ni Baasa, na iniwan niya ang pagtatayo ng Rama, at ipinatigil ang kaniyang gawa. 6 Nang magkagayo'y ipinagsama ni Asa na hari ang buong Juda; at kanilang dinala ang mga bato ng Rama, at ang kahoy niyaon, na ipinagtayo ni Baasa; at itinayo niya sa pamamagitan niyaon ang Gibaa at Mizpa. 7 At nang panahong yaon ay naparoon kay Asa na hari sa Juda si Hanani na tagakita, at nagsabi sa kaniya, Sapagka't ikaw ay nagtiwala sa hari sa Siria, at hindi ka nagtiwala sa Panginoon mong Dios, kaya't ang hukbo ng hari sa Siria ay nagtanan sa iyong kamay. 8 Hindi ba ang mga taga Etiopia at ang mga Lubim ay makapal na hukbo, na may mga karo at mangangabayo na totoong marami? gayon ma'y sapagka't ikaw ay nagtiwala sa Panginoon, ibinigay sila sa iyong kamay. 9 Sapagka't ang mga mata ng Panginoon ay nagsisiyasat sa palibot ng buong lupa, upang pakilala na matibay sa ikagagaling ng mga yaon na ang puso ay sakdal sa kaniya. Ikaw ay gumawang may kamangmangan; sapagka't mula ngayo'y magkakaroon ka ng mga pakikipagdigma. 10 Nang magkagayo'y nagalit si Asa sa tagakita, at inilagay niya siya sa bilangguan: sapagka't siya'y nagalit sa kaniya dahil sa bagay na ito. At pinighati ni Asa ang iba sa bayan nang panahon ding yaon.11 At, narito, ang mga gawa ni Asa, na una at huli, narito, nangakasulat sa aklat ng mga hari sa Juda at Israel. 12 At nang ikatatlong pu't siyam na taon ng kaniyang paghahari, si Asa ay nagkasakit sa kaniyang mga paa; ang kaniyang sakit ay totoong malubha: gayon ma'y sa kaniyang sakit ay hindi niya hinanap ang Panginoon, kundi ang mga manggagamot. 13 At si Asa ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at namatay sa ikaapat na pu't isang taon ng kaniyang paghahari. 14 At inilibing nila siya sa kaniyang sariling mga libingan, na kaniyang ipinahukay para sa kaniya sa bayan ni David, at inihiga siya sa higaan na pinunu ng mga masarap na amoy at sarisaring espesia na inihanda ng manggagawa ng mga pabango; at ipinagsunog nila niyaon ng di kawasa." (2 Cronica 16:1-14)***

Sa naunang kabanata, ***2 Cronica 14 at 15***, si Haring Asa, ay gumawa ng napakahusay at nakagawa ng kahanga hangang tagumpay para sa kanyang sarili at para sa bayan ng Dios. Inalis niya ang mga dios-diosan at ang matataas na dako, nagtayo siya ng mabubuting bagay, nagtiwala siya sa Dios at nanagumpay siya laban sa kanyang mga kaaway, hinanap niya ang Panginoon at ang mga taong kasama niya, at ang kanyang puso ay sakdal sa harap sa harap ng Panginoon. Sa kabanata ito ***2 Cronica 16***, si Haring Asa ay naharap sa maraming mga suliranin ngunit hindi niya nahawakan ang mga ito ng maayos at sa kadahilanang ito ay hindi niya napanatili ang kanyang mabubuting mga nagawa. *Kailangan mong maunawaan na ang mga pagsubok at mga suliranin ay hindi sinadya upang sirain ka at biguin ka, ngunit ginawa upang maging sakdal ka at magawa mong makamit ang karagadagan mga tagumpay sa iyong buhay.* Si Haring Asa sa mga kaguluhan na hinarap niya sa ***2 Cronica 16***, ang intensyon ng Dios ay gumawa sa kanya ng higit pang mga tagumpay. *Pagmasdan ang mga pagsubok sa iyong buhay at isaalang alang ang mga ito na  mga kasangkapan para sa pagpapaunlad at para sa maraming tagumpay.*

***“1 Nang ikatatlong pu't anim na taon ng paghahari ni Asa, si Baasa na hari sa Israel ay umahon laban sa Juda, at itinayo ang Rama, upang huwag niyang matiis na sinoma'y lumabas o pumaroon kay Asa na hari sa Juda.” (2 Cronica 16:1)*** Hinarap ni Haring Asa ang pagtataksil at sabwatan mula sa Hari ng Israel. Ang hari ng Israel ay sinadyang harangan si Haring Asa at ang buong Juda. Ang Rama ay isang bahagi ng Benjamin at maaring kinuha niya ito at sinimulang patayuan ito sa isang daan na haharang kay Asa at sa Juda mula sa pagabaot sa kanya at makarating sa Israel. Gayundin ginamit niya iyon upang harangan ang sinoman mula sa pag abot kay Asa at Judah. Isang uri ng pag aalasa upang paghigpitan at limitahan si Haring Asa; ito’y isang maruming laro, at hinayaan ng Dios yaon para sa isang layunin. Ipinahintulot iyon ng Dios at hindi niya nilayon na saktan si Asa o ang Juda ngunit sinusubukan niya sila kung paanong sila'y kikilos at gaganap. Sa mga taon ng aking paglilingkod at ministerio sa Dios ay naharap ako sa proseso ng pag aalsa mula sa iba't ibang mga uri ng mga tao ngunit karamihan sa kanila ay mga mananampalataya, at ginawa nila iyon nang mapansin nila na hindi ko gustong makipagkompromiso sa kanila at sa kanilang kamunduhan. Gumamit sila ng iba't ibang pamamaraan at mga paraan na nais at sinakap na hadlangan ako mula sa pagtulong sa iba at ipagpatuloy ang ministerio na ibinigay sa akin ng Panginoon. Sa lahat ng pangyayaring ito at mga kaganapan hindi ko ginaya kung anong ginawa nila, kundi bumalik ako sa Panginoon at iniulat ko sa Kanya ang kanilang ginawa sa akin at hiniling ko sa Kanya na tulungan akong makawala sa aking magulong sitwasyon. Lubos kong nalalaman na walang taong makakahadlang o maghihigpit sa akin maliban kung gawin ito ng Dios kung hindi ko Siya napaluguran. Dahil doon hindi ko iniisip ang sinumang tao na makakahadlang s akin kung ang Dios ay nalulugod sa akin. Kailangan mong maunawaan na walang tao ang makakahadlang sa iyo at limitahan ang iyong paggalaw hangga't ang Dios ay nalulugod sa iyo.

Ang Dios y naghihintay na panatilihin ni Haring Asa ang kanyang mga nagawa at anihin ang panibagong tagumpay sa pamamagitan ng pagtitiwala sa Dios upang lutasin ang suliraning ito. Ngunit ngayon tingnan natin kung paanong si Haring Asa ay kumilos:

***“2 Nang magkagayo’y kumuha si Asa ng pilak, at ginto sa mga kayamanan ng bahay ng Panginoon, at sa bahay ng hari, at nagsugo kay Ben-adad, na hari sa Siria, na tumatahan sa Damasco, na ipinasasabi,” (2 Cronica 16:2)*** Ang unang tugon ni Haring Asa sa kanya

ay ginamit ang kanyang pera upang lutasin ang suliranin. Ni hindi man lang siya nananalangin, nagtanong o nagsumamo sa Dios upang tulungan siya. *Kapag naharap ka sa isang suliranin sa iyong buhay, ang unang bagay na iyong gagawin ay pumunta sa Dios. Huwag umasa sa iyong pera, o sa mga tao, o sa kung anong mayroon ka upang lutasin ito.* Hindi dapat ginawa iyon ni Haring Asa sapagka't mayroong siya dating karanasan ng kung paano napakagandang iniligtas siya ng Dios mula sa malaking hukbo, isang milyong mga sundalo at tatlong daang mga karo ng mga Etiopia at ng Lubims(Ang Lubims ay mula sa bansa ng Libya, isang bansang nasa kanluran ng Egipto). Nawala ang mga kayamanan ni Haring Asa na ibinigay sa kanya ng Dios nang nabigo niyang ibigay ang kanyang buong pagtitiwala sa Dios.

Karaniwan ang mga tao kapag sila'y nahaharap sa anumang banta o kaguluhan, ang unang tugon na kanilang iisipin ay kung ilalaan nila ang pera dito, ay malulutas. *Na maaaring hindi tama sa lahat ng mga pangyayari. Huminto ka, at mag isip kung ano pa ang magagawa sa banta ng kaaway. Mayroong isang Dios sa taas natin at higit sa lahat ng nangyayari at kailangan nating bumalik sa Kanya at tanungin Siya kung anong kailangan nating gawin.*

*Mawawala ang iyong kayamanan at sa kung anong ibinigay sa iyo ng Dios mula sa materyal na mga bagay kapag nabigo kang bumalik sa Kanya at magtiwala sa Dios at hindi umasa sa Kanya at sa Kanyang mga pangako sa pagharap sa iyong mga suliranin.*

***“3 May pagkakasundo ako at ikaw, na gaya ng aking ama at ng iyong ama: narito, ako'y nagpapadala sa iyo ng pilak at ginto; yumaon ka, sirain mo ang iyong pakikipagkasundo kay Baasa na hari sa Israel, upang siya'y lumayas sa akin.” (2 Choronica 16:3)*** Maraming nagawang pagkakamali dito si Haring Asa. Siya’y nakipagkasundo sa hindi mananampalataya upang lutasin ang kanyang suliranin. Siya ay nagsumamo kay Ben-adad upang makipagkasundo sa kanya. Wala ako natatandaan na mayroong isang kasunduan sa pagitan ng ama ni Ben-adad ang hari ng Syria at si Abijah ang ama ni Haring Asa. Hindi niya dapat ginawa iyon kundi una dapat siyang lumapit sa Dios at manalangin sa Dios ayon sa tipan na mayroon siya sa Kanya. *Huwag umasa sa sandata ng laman upang lutasin ang iyong mga suliranin. Una lumapit sa Dios at kung gagamit Siya ng ilang tao upang lutasin ang suliranin, sa gayon alinman na ay gagabayan ka Niya sa kanila o dadalhin Niya sila sa iyo.* Ngayon si Baasha nang nilusob niya ang Rama at kinuha ito, tinulungan siya ni Ben-adad. Ngayon nais ni Asa na gawin ang katulad na ginawa ni Baasha. Iyon ay lubos na mali. *Hindi natin dapat sundin ang maling bagay na ginagawa ng mga hindi mananampalataya. Hindi tayo dapat tayong maakit na gumawa ng mali katulad ng mga gumagawa ng masama at mali laban sa atin.* Si Baasha ay nakipagkasundo sa hindi mananampalataya upang gumawa ng masama laban kay Asa. Si Asa ay hindi dapat naakit at pumunta at inilagay ang Kanyang kamay sa parehong mga hindi mananampalataya na ginamit ng kanyang kaaway laban sa kanya.

***“4 At dininig ni Ben-adad ang haring Asa, at sinugo niya ang mga pinunong kawal ng kaniyang mga hukbo laban sa mga bayan ng Israel, at kanilang sinaktan ang Ion, at ang Dan, at ang Abel-maim, at ang lahat na bayang kamaligan ng Nephtali. 5 At nangyari, nang mabalitaan ni Baasa, na iniwan niya ang pagtatayo ng Rama, at ipinatigil ang kaniyang gawa.” (2 Cronica 16:4-5)*** Si Ben-adad dito ay kumilos laban kay Baasha hindi dahil alam niya ang kasamaan na ginagawa ni Baasha o dahil siya ay isang taong may paninindigan, ngunit siya ay kumilos dahil sa pera at materyal na mga bagay na naakit siya ni Asa.

Dito si Asa ay nakakuha ng isang huwad na tagumpay, huwad na nasamsam at huwad na pagkakamit. Iyon ay hindi pagtatagumpay na nagawa sa pamamagitan ng Dios, ngunit ito ay gawa ng sandata ng laman. *Ang Cristiano kapag sila’y nakipagkompromiso sila'y nagdadala sila ng huwad tagumpay sa ministerio at simbahan ng Dios.* Sa ngayon maraming simbahan sila’y nakipagtipan sa hindi mananampalataya upang suportahan at palawakin ang ministerio at gaya ng sumusunod:-

1. Sila'y gumagamit ng pera, pagkain, transportasyon, at ibang serbisyo upang dalhin ang mga tao sa simbahan.
2. Sila’y nag iipon ng pera mula sa mayayamang tao at sa hindi mananampalataya upang suportahan ang ministerio.
3. Ginagamit nila ang kanilang mga batang babae upang anyayahan ang mga batang lalaki sa simbahan, at ginagamit nila ang kanilang lalaki upang anyayahan ang mga babae sa simbahan.
4. Ginagamit nila ang mga taong hindi tapat kay Cristo at binigyan sila ng ministerio o isinasali sila sa mga aktbidad upang makapunta lamang sa simbahan.
5. Atbp

***“6 Nang magkagayo'y ipinagsama ni Asa na hari ang buong Juda; at kanilang dinala ang mga bato ng Rama, at ang kahoy niyaon, na ipinagtayo ni Baasa; at itinayo niya sa pamamagitan niyaon ang Gibaa at Mizpa.” (2Cronica 16:6)*** *Ito ay isang mabuting punto sa pamamahala, na dapat nating gamitin ang lahat ng kung anong mayroon tayo mula sa nasamsam, kahoy, mga papel, kagamitan, mga kasangkapan sa bahay, tubig, kuryente, atbp, at gamitin ang mga ito upang magtayo ng bago at mabubuting bagay.*

Ngunit ang pakikipagkompromiso ay hindi kailanman magagamit at hindi itinalaga o pagpapalain ng Dios. Ang higit na pakikipagkompromiso ng Dios ngayon, ang higit na nawawala ng kapangyarihan at awtoridad ng simbahan. *Ang higit ng paggamit natin ng maling mapagkukunan para sa ministerio, ang higit na tayo ay mawawalan ng kapangyarihan ng Dios at Kanyang presensya sa ating buhay.*

Dahil sa kung anong ginawa ni Asa, natanggap niya ang isang pagsaway mula sa tagapamuno: ***“7 At nang panahong yaon ay naparoon kay Asa na hari sa Juda si Hanani na tagakita,” (2 Cronica 16:7)*** Ang lalaking ito ng Dios ay sinaway si Haring Asa para sa kanyang maling ginawa. Ako'y nanalangin na ang mensahe na sa iyong kamay ay isang pagsaway sa iyo gayundin kung ikaw ay hindi tapat sa Dios tulad ni Haring Asa. Ang tagapagkita na si Hanani ay ipinaliwanag pa ang masamang kahihinatnan ng pakikipagkompromiso.

A- ***"at nagsabi sa kaniya, Sapagka't ikaw ay nagtiwala sa hari sa Siria, at hindi ka nagtiwala sa Panginoon mong Dios, kaya't ang hukbo ng hari sa Siria ay nagtanan sa iyong kamay. 8 Hindi ba ang mga taga Etiopia at ang mga Lubim ay makapal na hukbo, na may mga karo at mangangabayo na totoong marami? gayon ma'y sapagka't ikaw ay nagtiwala sa Panginoon, ibinigay sila sa iyong kamay." (2 Cronica 16:7-8)*** *Ang pakikipagkompromiso at kawalan ng tiwala sa Dios ay magbubukas ng daan para sa iyong karagadagang pagkatalo.* Kung si Asa ay nagtiwala sa Dios at sa Kanyang kapangyarihan, sa gayon siya mananaig kay Baasha at kay Ben-adad ang Syriano. Ang tagapagkita na si Hanani sa kanyang pagsaway ay ipinaliwanag kay Haring Asa na kinakailangan niyang magtiwala sa Dios at maghintay sa Kanya upang makatakas sa bitag ni Baasa at upang manaig at mahuli ang hari ng Syria. Sinabi niya sa kanya na sa nakaraan ang Dios ang nagbigay sa kanya ng isang malaking hukbo kaysa sa isang ito, dahil nagtiwala siya sa Diyos, gaano pa kaya ang hukbong iyon ng hari ng Syria! *Minsan tayo ay nililito ng Diablo na siyang magsasabi sa atin na hindi natin kayang harapin ang ilang mga kaaway at makakapag isip tayo na hindi kaya ng Dios o hindi tayo ililigtas. Ngunit ang katotohanan nais ng Dios na magtiwala tayo ng lubos sa Kanya sa lahat ng ating mga kaguluhan.*

B- ***"9 Sapagka't ang mga mata ng Panginoon ay nagsisiyasat sa palibot ng buong lupa, upang ipakilala na matibay sa ikagagaling ng mga yaon na ang puso ay sakdal sa kaniya. Ikaw ay gumawang may kamangmangan; sapagka't mula ngayo'y magkakaroon ka ng mga pakikipagdigma." (2 Cronica 16:9)*** Ang Dios ay nagbabantay sa atin sa bawat pagkilos natin. Alam na alam Niya kung anong ating ginagawa at ang motibo sa likod ng ating pagkilos. *Palalakasin ng Dios ang mga nagtitiwala sa Kanya. Ipapakita ng Dios ang Kanyang sarili na malakas patungo sa mga puso ay sakdal sa harap ng Dios.* Kaya naman sinasabi ang Bibliya na ang matuwid ay matapang gaya ng mga lion. ***"1 Ang masama ay tumatakas ng walang taong humahabol: nguni't ang matuwid ay matapang na parang leon." (Kawikaan 28:1)*** Pagkatapos ng isa at bawat pakikipagkompromiso at ang kapareho na mga kapahamakan ikaw ay higit pang manghihina. Ang pagbaba ng pagkawasak ng simbahan ay bunga ng makamundong paraan sa paghawak ng kaguluhan.

Si Haring Asa ay isinalarawan na may isang sakdal na puso, tulad ng ating mababasa dito: ***"Nguni't ang matataas na dako ay hindi inalis: gayon ma'y ang puso ni Asa ay sakdal sa Panginoon sa lahat ng kaniyang kaarawan." (1 Hari 15:14 KJV)*** Ngunit dito ang kanyang puso ay hindi sakdal, ngunit may kapintasan, at gumawa siya ng hangal na mga bagay.

*Ang ibig sabihin ng Salitang Asa ay aliman na 'nakakagamot', o "nakakapinsala', kaya ito ay nasa kanyang kamay na gawin ang mabuti o gawin ang masama. Kaya nasa kamay mo pa rin ang gumawa ng mabuti at humantong sa pagpapagaling, o gumawa ng masam at kahangaln at humantong sa kapahamakan.*

C- ***Ikaw ay gumawang may kamangmangan; sapagka't mula ngayo'y magkakaroon ka ng mga pakikipagdigma.*** *Ang pakikipagkompromiso at kawalan ng tiwala sa Dios ay kasalanan at nag aanyaya ng galit ng Dios na dumating sa iyong buhay bilang bunga ng iyong kasalanan.* Ang kahulugan ng ***"mula ngayo'y magkakaroon ka ng mga pakikipagdigma",*** na hindi natin nabasa ang tungkol sa digmaan pa para kay Asa, ngunit ang ibig niyang sabihin dito ay na kanyang mga inapo ay haharap sa pakikipagdigma. *Kapag hindi tayo nagtiwala sa Dios, hindi nating magagawang manindigan laban sa kaaway at tayo at ang ating mga inapo ay mapapa sa pakikipagdigma.*

***"10 Nang magkagayo'y nagalit si Asa sa tagakita, at inilagay niya siya sa bilangguan: sapagka't siya'y nagalit sa kaniya dahil sa bagay na ito. At pinighati ni Asa ang iba sa bayan nang panahon ding yaon." (2 Cronica 16:10)*** Si Haring Asa ay nagalit sa lalaki ng Dios na nagtuwid sa kanya at nagpaliwanag sa kanyang kasalanan. Inilagay niya siya sa bilangguan upang paghigpitan ang kanyang paggalaw at hindi pahintulutan ang Kanyang mga paa na abutin ang iba at palayain sila. *Ang layunin ng pagsaway ng Dios at ang pagsaway ng lalaki ng Dios ay upang iligtas ka sa mga kaguluhan at pahantungin ka sa pagsisisi. Huwag kailanman magalit sa mga taong nagpapaliwanag sa iyo ng iyong mga kasalanan at pagkukulang mula sa kaliwanagan ng Banal na Kasulatan, ginagawa nila lamang iyon para sa iyong pansariling kabutihan at para sa ikabubuti ng bawat isa at ng lahat*. Pinahirapan ni Asa ang ilan sa mga tao, malamang dahil sa pagmamalaki na nagawa niya iyon, dahil sinaway siya sa publiko. *Maging tapat sa iyong sarili at tanggapin ang pagtutuwid at huwag gumanti o alinman sa mga nagtutuwid sa iyo o sa mga iba na walang muwang na mga tao nasa paligid mo.*

*Ang paraan ng pang-aapi mo sa iba, ay kapag sumama ang loob mo sa pagsaway na ibinigay sa iyo, o naghimagsik laban dito, pagkatapos aapihin mo ang tapagkita o ang pastor na inilagay ng Dios sa iyo; ako ay may karanansan ng pagpapahayag at ang mga tao ay nakatingin sa akin na may matang galit at hindi maipintang mga mukha. Tiniis ko iyon ngunit ang gayong karanasanan ay mapa ng-api kapag ang mga tao ay nakatingin ng husto sa iyong mukha; ibig sabihin, isara mo ang iyong bibig at huwag magsalita pa. Ngunit iyon ay hindi tama at hindi kapaki-pakinabang at iyon magdadala ng higit pang galit ng Dios sa kanilang buhay.*

***"11 At, narito, ang mga gawa ni Asa, na una at huli, narito, nangakasulat sa aklat ng mga hari sa Juda at Israel." (2 Cronica 16:11)*** *Alamin kung anong nakasulat sa Bibliya. Lahat ng nakasulat ay upang paalalahanan ka at ilagay ka ulit sa tamang daan ng buhay. Lahat ng nakasulat ay upang turuan ka kung paanong panatilihin ang iyong tagumpay at iyong mga nagawa.*

***"12 At nang ikatatlong pu't siyam na taon ng kaniyang paghahari, si Asa ay nagkasakit sa kaniyang mga paa; ang kaniyang sakit ay totoong malubha: gayon ma'y sa kaniyang sakit ay hindi niya hinanap ang Panginoon, kundi ang mga manggagamot." (2 Cronica 16:12)*** Habang kanyang pinaghigpitan ang tagapagkita sa kanyang paggalaw ang Dios ay pinaghigpitan siya ng karamdaman sa kanyang mga paa. Ito ay aliman masakit o namamaga. Si Haring Asa ulit sa Kanyang karamdaman hindi siya umasa sa Dios kundi sa manggagamot. Dapat siyang bumalik sa Dios upang pagalingin at makabawi. *Ang kasalanan ay nagdudulot ng karamdaman. Ang dugo ni Jesus ay para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan at para sa kagalingan ng ating mga sakit na nagmula sa mga kasalanan habang tayo ay nagsisisi.*

*Ang kagalingan ay mula sa Dios, at maaring gamitin ng Dios ang mga manggagamot o gamot upang pagalingin ka. Nguniy ang iyong pagtitiwala ay dapat maging lubos sa Dios at sa hindi sa ibang mga bagay.*

***"13 At si Asa ay natulog na kasama ng kaniyang mga magulang, at namatay sa ikaapat na pu't isang taon ng kaniyang paghahari. 14 At inilibing nila siya sa kaniyang sariling mga libingan, na kaniyang ipinahukay para sa kaniya sa bayan ni David, at inihiga siya sa higaan na pinunu ng mga masarap na amoy at sarisaring espesia na inihanda ng manggagawa ng mga pabango; at ipinagsunog nila niyaon ng di kawasa." (2 Cronica 16:13-14)*** *Ito'y mabuti na ihanda ang isang lugar para sa paglilibingan sa iyong sarili kung ikaw ay pinangunahan ng Banal na Espiritu.* Si Haring Asa ay nagtiwala sa mga gumagawa ng gamot upang panatilihin ang kanyang patay na katawan, sa halip na umasa sa pagtaas ng kapangyarihan ng Espiritu ng Dios. Nakalimutan niya ang kanyang ninunong si David na sumulat: ***"1 Ingatan mo ako, Oh Dios; sapagka't sa iyo nanganganlong ako. 8 Aking inilagay na lagi ang Panginoon sa harap ko: sapagka't kung siya ay nasa aking kanan, hindi ako makikilos. 9 Kaya't ang aking puso ay masaya, at ang aking kaluwalhatian ay nagagalak: ang akin namang katawan ay tatahang tiwasay. 10 Sapagka't hindi mo iiwan ang aking kaluluwa sa Sheol; ni hindi mo man titiisin ang iyong banal ay makakita ng kabulukan.11 Iyong ituturo sa akin ang landas ng buhay: nasa iyong harapan ang kapuspusan ng kagalakan; sa iyong kanan ay may mga kasayahan magpakailan man." (Awit 16:1, 8-11)*** Kailangan nating magtiwala sa pagkabuhay ng kapangyarihan ng Dios ng Banal na Espiritu upang buhayin ang ating patay na katawan.

Ang katawan ni Asa ay inilibing at hindi sinunog. *Tayo bilang tagasunod ni Cristo kailangan tayong ilibing pagkatapos ng pagkamatay at hindi sunugin.* Nang sinabi niya dito, ***"at ipinasunog nila yaon ng di kawasa",*** ang pagkasunog na ito ay hindi iyon na sinunog nila ang kanyang katawan, ngunit ang dami ng insenso at mga espesia na nasunog sa kanyang libingan bilang naging kanilang mga nakagawian na posibleng nakuha nila ito mula sa mga bansang nakapaligid sa kanila.

***Sa aking mahal at minamahal:*** *Ang mensahe ay napakalinaw at ito ay nagtuturo at nagpapakita ng patibong na maaaring nasa pangani ka na mahulog ka doon. Upang mapanatili ang iyong tagumpay at mabubuting nagawa kailangan mong lumayo mula sa sumusunod na maling mga bagay:*

Ang kawalan ng pagtitiwala sa Dios
Ang pagtitiwala sa tao
Ang pagtitiwala sa pera
Ang pagkaakit na gumawa gaya ng ginagawa ng hindi mananampalataya
Ang pagmamataas sa espirutu
Ang kawalan ng kababaang loob
Ang hindi madaling turuang pag uugali
Ang kalupitan sa iba na siyang nagsasabi sa iyo ng katotohanan
Ang pangaapi sa iba
Ang pagtitiwala sa gamot at manggagamot
Ang hindi paniniwala sa kapangyarihan ng pagkabuhay ng Dios.

Siyasatin ang mensahe at pagnilayan ito sa iyong personal na buhay at matutunan ang iyong mga aral mula sa iyong nararanasan. Kaya't maging maingat ka sa kung paano mo ipamuhay ang iyong buhay hindi bilang mangmang kundi gaya ng marurunong, ***"15 Mangagingat nga kayong lubos kung paano kayo lumalakad, huwag gaya ng mga mangmang, kundi gaya ng marurunong;" (Epeso 5: 15)*** Lumakad at kumilos gaya ni Haring Asa sa ***2 Cronica 14*** at ***15***, at hindi gaya sa ***16*** habang sumasangayon kang manalangin.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga namatay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.*

*Panginoon salamat sa iyong Salita na ipinakita sa akin nang malinaw ang aking mga kasalanan at ang aking mga pagkukulang.*

*Panginoon ako ay nagsisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan:*

Ang kawalan ng pagtitiwala sa Iyo
Ang aking pagtitiwala sa mga tao
Ang aking pagtitiwala sa pera
Ang aking pagkaakit na gawin gaya ng ginagawa ng hindi mananampalataya
Ang akin puso na hindi sakdal
Ang aking pagmamataas sa espiritu
Ang aking kawalaan ng kababaang loob
Ang aking hindi masunurin na pag-uugali
Ang aking kalupitan sa iba na nagsasabi sa akin ng katotohanan
Ang aking pang-aapi sa iba
Ang aking pagtitiwala sa gamot at mga manggagamot
Ang aking hindi paniniwala sa pagkabuhay ng kapangyarihan ng Dios

*Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na magpakumbaba, na tanggapin ang mga tagubilin at sumunod sa mga alintuntunin ng mensaheng ito sa aking buhay. Panginoon hayaan mo ang iyong pangako,* ***Sapagka't ang mga mata ng Panginoon ay nagsisiyasat sa***

***palibot ng buong lupa, upang pakilala na matibay sa ikagagaling ng mga yaon na ang puso ay sakdal sa kaniya,*** *patotohanan mo sa aking buhay. Palakasin mo ako Panginoon at gawin mo akong malakas upang harapin ang mga banta ng buhay. Panginoon kailangan kita ngayon, higit pa kaysa dati, upang pagalingin ako at iligtas ako mula sa lahat ng mga kaaway at sa aking mga kaguluhan. Panginoon harapin mo ang mga sumusunod na mga tao ________________*
*na sinusubukang harangan ako at mag alsa sa akin.*

*Panginoon puspusin mo ako ng iyong Banal na Espiritu upang magpatuloy at maglingkod sa iyo na gawin ang tunay na nais mo na gawin ko. Panginoon pagalingin mo ako mula sa mga sumusunod na mga karamdaman ______________*
*Panginoon pangunahan ako upang mag evangelio sa mga bagong tao at dalhin sila sa iyong presensya.*

*Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nakarinig ng mensahe, na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ninanais na sumunod sa iyo. Panginoon palakasin mo sila, protektahan mo sila, ibigay ang kanilang mga pangangailangan, at puspusin sila ng iyong Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang mga espirituwal na mga kaloob na kailangan nila upang magpatuloy at paglingkuran ka pag abot sa bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo.*

*Panginoon bigyan daan kami bilang simbahan na tumayong matatag laban sa lahat ng uri ng pagsamba sa dios-diosan at ang kamunduhan, at ang takot sa tao at ang pagtitiwala sa mga tao o sa materyal na mga bagay; Panginoon tulungan kami upang maabota ng bagong mga lugar at bagong mga tao ng Mabuting Balita ni Jesus. Panginoon tulungan kami makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan. Panginoon kami ay naghuhumiyaw sa iyo upang pangunahan kami at labanan ang aming pakikipagtungali. Panginoon wala kami kundi ikaw. Panginoon harapin ang mga humaharang sa amin at sumasalungat sa amin bilang isang simbahan upang patuloy na gawin ang gawain mo. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi kami madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoon Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:

00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.